



EDITORIAL

Yanigin ng mga protestang bayan ang hari ng korapsyon at terorismo

Niyuyugyog ng krisis ang naghaharing rehimeng Duterte. Bunga ito ng pag-alingasaw ng nakasusulasok na korapsyon ni Duterte sa pagsamantala sa pandemya para magbulsang bilyun-bilyong pisong pondo ng guberno. Nabuyangyang ito habang bumabayo ang malawakang disempleyo, pagsirit ng presyo, mababang sahod at pagwasak sa kabuhayan na nilumpo ng walang katapusang mga *lockdown*. Rumaragasa pa rin ang pandemya at hindi na halos makaagapay ang mga ospital sa dami ng nagkakasakit sa Covid-19.

Kabi-kabila ang sampal sa mukha ni Duterte sa imbestigasyon ng Senado sa pangungurakot sa Department of Health (DOH). Batikos ang inabot niya sa pag-aabugado sa kanyang mga tauhan at pambubuska sa mga senador. Hindi pa man ito tapos, ibang imbestigasyon naman ang sisimulan sa International Criminal Court (ICC). Bantog siya ngayon sa buong mundo bilang nakaupong presidente na tuwirang isinasakdal sa mga krimen laban sa sangkatauhan bilang utak sa ilampung libong pinatay sa madugo at huwad na “gera kontra-droga.”

Sa harap ng korapsyon, walang kontrol na pandemya, pagbagsak ng kabuhayan ng mamamayan at pagbaling ng naghaharing rehimen sa mas malupit na teroristang paninibasib sa bayan, tiyak na ibayo pang paghihirap at pagdurusa ang ihahatid ng patuloy na paghahari ng tiraniya ni Duterte.

Ang sumisidhing krisis sa kalusugan, pulitika at ekonomya ay maramihang pumupukaw sa taumbayan. Ang pagdurusa sa kaliwa’t kanang pahirap at pabigat ay gumagatong sa kanilang nag-aalab na galit. Bangungot sa taumbayan ang

iskema ng pangkating Duterte na manatili pa sa poder lagpas sa 2022. Dumarami ang naghahangad na huwag nang paabutin si Duterte sa eleksyong kanyang dadayain, at wakasan na sa lalong madaling panahon ang kanyang paghahari.

Paparami ang mamamayang handang bumagtas sa landas ng sama-samang pagkilos at pakikibaka. Lumilitaw ang mga aksyong protesta para ipahayag ang hinaing ng iba’t ibang sektor at komunidad. Pinatunayan ng demonstrasyon ng ilanlibo noong katapusan ng Hulyo sa huling *state of the nation address* (SONA) ni Duterte na hindi pagagapi sa takot at sa pandemya ang taumbayan.

Nitong nagdaang mga linggo, mainit ang pagpapahayag at kilos-protesta ng mga manggagawang pangkalusugan para batikusin ang mga upisyal ng DOH sa kabiguang ibigay sa oras ang mga pangakong

benepisyong, kabayaran at dagdag sahod. Naglunsad din ng mga protesta sa lansangan at mga komunidad ang mga kabataan, magulang at mga guro laban sa nagpapatuloy na palpak na sistema ng “blended learning” at para igiit sa guberno ang pagbubukas ng mga eskwelahan para sa harapang pagkatuto. May mga aksyong protesta rin laban sa panukalang badyet na pabor sa papalaking gastusin ng militar at mga proyektong pang-imprastruktura, taliwas sa dapat na pagprayoridad sa sistemang pangkalusugan, edukasyon at suportang pangkabuhayan sa milyun-milyong wala pa ring hanapbuhay.

May mga aksyong protesta ang mga manggagawa para ipaglaban ang hinihingi nilang umento sa sahod, gayundin laban sa *red-tagging* at panggigipit ng militar sa kanilang mga unyon. May mga pagkilos din ang taumbayan laban sa mga proyektong mapanira sa kalikasan, pagmimina, reklamasyon at pagtatayo ng kasino at ekoturismo, laluna ng malalaking kapitalistang Chinese na malapit kay Duterte. May mga

pagkilos ang mga magsasaka laban sa pagtatayo ng mga kampo ng militar sa kanilang baryo, kontra sa liberalisasyon sa pang-aangkat ng bigas at para isulong ang pagpapataas sa presyo ng palay at iba pa nilang produkto.

Ang mga aksyong protesta na ito ay kailangang-kailangan ngayon ng taumbayan upang mabigyanghugis ang kanilang poot laban sa korapsyon, pagpapahirap, panggigipit at pagtatraydor ng rehimeng US-Duterte. Bagaman maliliit at kalat-kalat pa, lahat nang ito’y tusok ng karayom sa pasistang rehimen. Higit sa lahat, ang mga aksyong protesta na ito ay salamin ng obhetibong interes at kahilingan ng malawak na sambayanan. Kailangang walang-sawang abutin at pukawin ang milyun-milyong mamamayan at ihatid sila sa landas ng sama-samang pagkilos at pakikibaka.

Dapat pag-ugnayin ang mga usaping kinakaharap ng iba’t ibang sektor at palakasin ang kanilang pagkakaisa. Dapat maipakita ang iisang ugat ng pinagmumulan ng kinahaharap ng taumbayan upang

mabuo ang kanilang paninindigan na sama-sama itong bunutin at puksain. Dapat mahigpit na magsuportahan at buuin sa iisang sigaw ang kanilang hiwa-hiwalay na hining. Dapat itaas sa antas ng pampulitikang panawagan at pagkilos ang kanilang mga panawagang pangkabuhayan at pangkagalingan, mulat na hindi nila makakamit ang mga ito hangga’t naghahari ang anti-mamamayan at pahirap na tirano na si Duterte.

Habang papalapit ang eleksiyong 2022, at lalong lumilinaw ang plano ni Duterte na panatilihin ang sarili sa poder, mas maraming mga pwersang pampolitika at panlipunan ang tahasang naninindigan laban sa kanya, kabilang ang dati niyang mga kaalyado. Nanawagan ang ilang obispo sa simbahang Katoliko na maglunsad ang taumbayan ng mga rali para ipamalas ang kanilang pagtutol sa tiraniya. Sa harap nito, kailangang ibayong palakasin at palawakin ang demokratikong nagkakaisang prente at hikayating magtulungan na wakasan ang paghahari ni Duterte sa lalong madaling panahon.

Hitik ang mga salik sa posibilidad ng mga biglang pihit ng sitwasyong pampolitika, kabilang ang posibleng mga maling kalkulasyon ni Duterte sa kanyang desperasyong supilin ang taumbayan at ipagtanggol ang kanyang bulok na rehimen. Dapat sunggaban ang pagkakataong ipadaluyong ang kilusang protesta ng taumbayan para yanigin ang tiraniya ni Duterte at maghatid ng mabibigat na dagok laban dito.

Dapat magpunyagi ang mga pambansa-demokratikong pwersa sa pagpukaw, pag-organisa at pagpakilos sa mamamayan. Walangkapagurang itaas ang militansya at determinasyon ng bayan na lumban. Dalawang ulit nang pinatunayan ng sambayanang Pilipino na kaya nilang ibagsak ang isang naghaharing pasistang rehimen. Hindi imposibleng gamitin ang kapangyarihang ito sa ikatlong pagkakataon. **AB**

 <p>Tomo LII Blg. 18 Setyembre 21, 2021</p> <p>Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray, Ingles at Espanyol. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.</p> <p> @cpp_angbayan</p> <p> fb.com/editorsOfAB</p> <p> cppinformationbureau@gmail.com</p>	<h2 style="text-align: center;">Nilalaman</h2> <p>Editorial: Yanigin ng mga protestang bayan ang hari ng korapsyon at terorismo 1</p> <p>Buksan na ang mga paaralan 3</p> <p>Detatsment, pinaputukan ng BHB-Negros 4</p> <p>Konsultant ng NDFP, palayain 4</p> <p>Imbestigasyon ng ICC, tuloy na 4</p> <p>Mga protestang bayan 4</p> <p><i>Never again to martial law!</i> 5</p> <p>Mga mandirigmang Moro, disgustado 6</p> <p>Abugado, pinaslang sa South Cotabato 6</p> <p>Sa madaling salita 7</p> <p>Produksyon ng mais, binubulok 8</p> <p>Kayod kalabaw sa pagtatanim ng mais 9</p> <p>Anibersaryo ng CPI-Maoist, ipinagdiwang 9</p> <p>Pagpugay kay Abimael Guzman ng Peru 9</p> <p>Pagpatay gamit ang mga <i>drone</i> 10</p>
<p style="text-align: center;">Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas</p>	

Buksan na ang mga paaralan sa harapang pagkatuto

Sinalubong ng sabay-sabay na protesta ng mga magulang, guro at estudyante sa ilang paaralan ang pagbubukas ng klase noong Setyembre 13. Bitbit ang panawagang #LigtasNaBalikEskwela, kinundena ng Alliance of Concerned Teachers (ACT) ang "manhid" na si Rodrigo Duterte sa kanyang pag-abandona sa sektor ng edukasyon sa gitna ng pandemyang Covid-19.

Nagmartsa ang mga myembro ng ACT sa harap ng Mendiola sa Maynila upang ipanawagan ang suporta ng estado sa mga guro at estudyante sa gitna ng pagpapatupad ng *distance learning* at ligtas na pagbubukas ng mga paaralan. Nakasalalay ngayon ang kinabukasan ng mga kabataan sa sama-samang kapasyahan ng mga guro, magulang at mag-aaral na "wakasan na" at igiit ang mas mahusay na pagguguberno, ayon sa grupo.

Sa parehong araw, nagtungo sa Mendiola ang mga grupong kabataan para ipaglaban ang ligtas at kagay at na pagbubukas sa mga eskwelahan para sa harapang pagkatuto. Nagkaroon din ng katulad na protesta sa Pres. Corazon C. Aquino Elem. School sa Quezon City, sa University of the Philippines-Manila, Eusebio Highschool sa Pasig City at sa Poblacion sa Muntinlupa.

Walang pagbabago sa di epektibong moda

Walang pagbabagong ginawa ang Department of Education (DepEd) sa palpak at pahirap na *blended learning* na ipinatupad noong nakaraang taon. Para punan ang di epektibong pagtuturong *online* at modyul, gumawa ang mga guro ng samutsaring paraan para maitawid ang aralin sa mga bata. Gayunpaman, aminado silang mababa ang kalidad ng edukasyon dahil sa napakaraming problema at limitasyon sa gadyet, internet, modyul at kakayahan ng mga magulang. Dagdag dito, may mga estudyanteng di pumapasok o di man lamang nagpaparamdam sa kanilang mga klase, pero ipinasa sa kasunod na baytong alinsunod sa dikta ng

DepEd para mabigyan-katwiran ang pagpapatuloy ng *blended learning*.


Noong Setyembre 9, inilabas ng ACT ang isang pag-aaral hinggil sa kahandaan ng mga pampublikong paaralan para sa pasukan. Litaw dito ang malalaki pa ring problema ng kakulangan at nahuhuling pag-imprenta ng mga modyul, kawalan ng gadyet at pambayad sa internet at labis-labis na trabaho ng mga guro.

Halos walang tulong ang ahensya sa mga pangangailangan ng guro. Hindi sapat ang ipinagmamayabang ng DepEd na 68,500 na *laptop* dahil halos 1 milyong pampublikong guro ang nangangailangan nito. Halos hindi rin nila nagagamit ang ipinamahaging *sim card* dahil sa hina ng signal sa kanilang mga lokasyon.

Walang sapat na panahon ang mga guro na makapagpahinga mula nang magsara ang akademikong taon noong Hulyo 10. Tuluy-tuloy ang kanilang trabaho noong Hulyo at Agosto sa *enrollment* at pag-imprenta ng mga modyul. Marami sa kanila ang napilitang mangalap ng mga suplay sa eskwelahan dahil sa kakulangan ng pondo. "Work from home" daw ang kaayusan sa ahensya pero inoobliga silang piskal na mag-ulat sa mga paaralan ng ilang beses kada linggo. Hanggang ngayon, hindi sila binabayaran ng obertaym na katumbas ng 87 araw.

Walang badyet, walang plano sa harapang pagkatuto

Sa antas kolehiyo, ipinagpapatuloy ang klaseng *online* para lamang masabi na hindi pinababayaan ng guberno ang kabataan, ayon sa National Union of Students of the



Philippines. Liban sa mga limitadong kurso sa 22 unibersidad, nananatili ang pagbabawal sa harapang klase sa kabila ng kaliwa't kanang pag-aaral at panawagan noon pang nakaraang taon na buksan ang mga kampus para sa harapang pagkatuto.

Ayon sa NUSP, kailangan maglaan ang estado ng pondo para matiyak ang minimum na pagpapatupad ng mga hakbang pangkalusugan, *test kit* at mga pasilidad pang-*test* sa loob ng mga kampus, at pagbabago sa mga klasrum at pasilidad para mapatupad ang *social distancing*. Iginigiit nila na ayudahan ang mga estudyante ng ₱10,000 para makaagapay sa papalaking gastos sa pag-aaral sa gitna ng pandemya.

Sa deliberasyon ng pambansang badyet para sa 2022 sa Kongreso, napag-alaman na tinapyasan ang dati nang mababang badyet para sa pasilidad sa edukasyon para sa 2022. Ayon sa ACT, ang inilaang pondo para rito ay ₱5.4 bilyon lamang, 51% na mas mababa sa ₱11.1 bilyon ngayong taon. Mula rito, ₱358 milyon lamang ang inilaan para sa mga pasilidad pangkalusugan —isa sa batayang rekisito sa ligtas na balik-eskwela sa gitna ng pandemya. Hindi malinaw kung saan kukunin ang badyet para sa pag-employo ng dagdag na mga nars sa paaralan.

Detatsment, pinaputukan ng BHB-Negros

PINAPUTUKAN NG BAGONG Hukbong Bayan (BHB)-Central Negros (Leonardo Panaligan Command) ang detatsment ng CAFGU Active Auxillary (CAA) sa Barangay Guba, Vallehermoso, Negros Oriental noong Setyembre 8. Isang sundalo ng 62nd IB ang napatay. Ayon sa mga residente, pinipilit sila ng mga sundalo na "sumuko" at magpalista bilang mga CAFGU.

Isang *backhoe* ang pinalalisa ng BHB-South Central Negros sa Sityo Bulod, Barangay Carabalan, Himamaylan City, Negros Occidental noong Setyembre 11. Pagmamay-ari ang *backhoe* ng mapanirang kumpanya na ESJ and Sons Construction Co. Ayon sa BHB, ang proyekto ay magbibigay-daan sa mga kumpanyang mina na sisira sa 1,100 ektaryang lupa ng mga katutubong Itoman-Maghat-Bukidnon.

Konsultant sa usapang pangkapayapaan, palayain!

IPINANAWAGAN NG NATIONAL Democratic Front of the Philippines (NDFP) at ng Partido Komunista ng Pilipinas ang kagyat na pagpapalaya kay Loida Magpatoc, konsultant sa usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at gubyerno ng Pilipinas. Ligtas dapat siya sa pag-aresto at panggigipit sa ilalim ng Joint Agreement on Safety ang Immunity Guarantees. Dapat kagyat na ibasura ang gawa-gawang mga kasong isinampa laban sa kanya. Dapat din siyang kagyat na bigyan ng ligal na representasyon at medikal na atensyon.

Iligal na dinakip si Magpatoc sa Barangay Paitan, Quezon, Bukidnon noong Setyembre 15. Sinampahan siya ng gawa-gawang kasong pagpaslang at pangwawasak ng ari-arian.

Noong Setyembre 16, iniutos ng korte ng Quezon City ang kagyat na pagpapalaya kay Esterlita Suaybaguio, isa ring konsultant ng NDFP, matapos ibasura ang kaso ng *illegal possession of firearms and explosives* laban sa kanya. Iligal siyang inaresto sa kanyang tinirhan sa Quezon City noong 2019.

Imbestigasyon ng ICC, tuloy na

TULUY NA TULOY na ang imbestigasyon ng International Criminal Court (ICC) sa mga krimen laban sa sangkatauhan ni Rodrigo Duterte. Isinapubliko ang desisyon ng mga huwes ng korte noong Setyembre 15. Saklaw ng imbestigasyon ang mga ekstrahudisyal na pamamulang ni Duterte mula 2011 hanggang 2019. Ayon sa pahayag ng mga huwes ng ICC, hindi nila nakikita bilang "lehitimong operasyon" ang "gera" ni Duterte laban sa iligal na droga, at ang mga pagpaslang na isinagawa sa ngalan nito bilang "lehitimo o kalabisan lamang ng mga lehitimong operasyon." Malakas ang ebidensya, anila, na ang malawakan at sistematikong pag-atake sa sibilyang populasyon ay patakaran ng estado.

Samantala, inilabas ng Investigate PH, isang internasyunal na grupo na binubuo ng dating myembro ng parlamento ng iba't ibang bansa, ang pangatlo at huling ulat nito noong Setyembre 13. Laman ng ulat ang mga paglabag ng gubyerno ni Duterte sa mga karapatan sa ekonomya, lipunan at kultura, mga karapatan sa kabuhayan at kaunlaran, pagpapasya-sa-sarili at kapayapaan. Nanawagan ang grupo sa United Nations Human Rights Council na kagyat na maglunsad ng hiwalay at independyenteng imbestigasyon sa Pilipinas.



Reklamasyon sa Cebu, tinutulan. Nagpiket ang mga manggagawa ng piyer sa Consolacion, Cebu upang tutulan ang planong reklamasyon sa Barangay Tayud, Consolacion para itayo ang proyektong Seafont City na sasaklaw ng 234.8 ektarya. Isasara ng proyektong ekoturismo ang mahigit limang baradero at wawasak sa kabuhayan ng 200 mangingisda. Ayon sa Barangay Tayud Fisherfolk Organization, marami sa kanila ay mahigit 20 taon nang nakatira sa lugar. Apektado rin ang 25% sa 25,000 residente ng Barangay Tayud na nakaasa sa mga piyer.

Mina ng magnetite sa Lingayen, tinutulan. Noong Setyembre 13 nagpahayag ng pagtutol ang Pamalakaya-Central Luzon sa Iron Ore Pangasinan Offshore Magnetite Mining sa Lingayen Gulf sa Pangasinan. Apektado nito ang kabuhayan ng 5,000 mangingisda.

Ang proyekto sa pagmimina itinutulak ng kumpanyang Australian na Iron, Ore, Gold and Vanadium Resources Inc. Balak nitong magmina ng 5 milyong tonelada ng *magnetite* kada taon sa loob ng 25 taon. Sasaklawin ng operasyon ang karagatan sa mga bayan ng Sual, Labrador, Lingayen, Bimaley at Dagupan City.

Manggagawa sa Wyeth, umalma sa red-tagging. Nagtungo sa upisina ng Department of Interior and Local Government sa Quezon City noong Setyembre 15 ang mga manggagawa ng Wyeth Philippines para itigil ang pag-*red-tag* ng NTF-ELCAC sa kanilang unyon. Kama-kailan ay pilit silang "pinasusurender" ng NTF-ELCAC at pinakakalas sa DFA-KMU, pederasyon na kinabibilangan ng Wyeth Philippines Progressive Workers Union.

Demolisyon sa Carbon Market, kinundena. Nagprotesta noong Setyembre 14 sa harap ng *city hall* ng Cebu City ang mga manininda ng Carbon Market para kundenahin ang iligal at tusong pagdemolis sa kanilang mga tindahan sa Layo Seaside at Quezon Boulevard ng palengke.

Hindi mapatatawad na mga krimen ng diktadurang Marcos

Never again to martial law! Ito ang nagkakaisang sigaw ng mamamayan sa harap ng pambabaluktot sa kasaysayan ng pamilya ng dating diktador na si Ferdinand Marcos at pagsisikap nitong makabalik sa Malacañang. Katuwang ng pamilyang Marcos ang kasing-kinamumuhiang pamilyang Duterte sa walang kahihiyang pangungunyapit sa poder.

Lalong nagiging matunog ang sigaw na ito habang papalapit ang Setyembre 21, ang ika-49 anibersaryo ng pagpataw ng batas militar.

Pinakahuling tangka ng pambabaluktot sa kasaysayan ay ang interbyu sa YouTube kay dating senador at talunang kandidato sa pagka bise-presidente na si Ferdinand “Bongbong” Marcos, Jr. kung saan pinalitaw ang “maniningning” umangong aral na ibinahagi ng amang Marcos sa kanyang anak. Umani ng malawakang batikos ang panayam dahil pinalalabas na maamo ang dating diktador.

Binatikos ng mga nakaligtas sa batas militar ang interbyu na anila’y nagtatago sa likod ng pagiging “patas” sa paglalahad ng mga pananaw. Binatikos din ng Martial Law Museum ng Ateneo de Manila University ang mga kasinungalingan ng nakababatang Marcos.

Sa ngayon, nakapwesto ang mga Marcos sa matataas na pwesto ng burukrasya—ang isa ay senador, habang ang kanyang pinsang-buo ay gobernador. Nakahandang muling tumakbo si Bongbong Marcos bilang bise-presidente katambal ni Sara Duterte. Tatakbo naman ang kanyang anak para sa Kongreso.

Maaalalang ang madilim na kabanata ng kasaysayan ng Pilipinas ay kinatatampukan ng pagbabawal sa mga kalayaang sibil, mga ekstrahudisyal na pamamaslang at hindi naresolbang mga sapilitang pagkawala, panggigipit sa midya at pagbagsak ng ekonomya ng bansa, at maraming iba pa. Ang panahong ito na tinawag na “era of impunity” o

panahon ng kawalang pananagutan, na ipinagmamayabang na mga “ginintuang panahon” ng Pilipinas ng mga Marcos at sa umiidolo sa diktador tulad ni Duterte.

Ayon sa tala ng Amnesty International, umaabot sa 70,000 katao ang nagdusa sa mga detatsment ng militar at mga bilangguan sa buong bansa, 34,000 ang dumanas ng tortyur, at mahigit 3,200 ang pinaslang ng mga pwersa ng estado mula 1972 hanggang 1981 lamang. Marami pa ang naging biktima ng karamihan ng estado na hindi naiulat. Ibinagsak ang diktadurang Marcos sa isang popular na pag-aalsa noong 1986.


Buong galit na kinundena ng Samahan ng mga Ex-Detainees Laban sa Detensyon at Aresto ang pambabaluktot sa kasaysayan ng mga Marcos. “Para sa aming lumban sa pasistang paghahari, ang ka

arawan ni Marcos ay nagpapaalala sa hindi maisip na mga paglabag sa mga karapatang-tao at malawakang pandarambong ng rehimen,” ani Danilo dela Fuente, pambansang ikalawang tagapangulo at tagapagsalita ng grupo.

Aniya, nilimas ni Marcos ang kaban ng bayan at lumobo ang pambansang utang bunga ng marangyang pamumuhay at korapsyon ng kanyang mga kroni. Umiiral ang masamang anino ni Marcos hanggang sa ngayon. (Umaabot sa mahigit ₱13 trilyon (katumbas ng ₱100,000 bawat Pilipino) ang utang panlabas ng bansa hanggang sa katapusan ng termino ni Duterte sa 2022.)

Ayon sa Ibon Foundation, malayo sa katotohanan ang sinasabing dumanas ng “maniningning na taon” ang Pilipinas sa ilalim ng batas militar. Isa ang Pilipinas sa may pinakamahinang ekonomya sa Southeast Asia mula 1965 hanggang 1986. Hindi totoo pumapangalawang pinakamaunlad ang bansa kasunod ng Japan noong 1965, at sa aktwal ay huli ito sa lima pang mga bansa sa rehiyon. Noong 1986, pang-11 ang ekonomya ng Pilipinas sa mga bansa sa Asia. Ayon sa Ibon, winasak ni Marcos ang ekonomya ng bansa nang ipatupad niya ang unang mga patakaran sa neoliberal na globalisasyon noong dekada 1980.

Tinuran naman ni Bonifacio Ilagan, dramatista, dating bilanggong pulitikal at isa sa mga *convenor* ng Campaign Against the Return of the Marcoses and Martial Law (Carmma): “Dalawa lamang ang pamana ni Marcos: ang mga krimen laban sa mamamayang Pilipino at sangkatauhan, at ang *world-class* na pandarambong. At kung hindi natin mapipigil ang mga ito, tiyak na lalampasan ni Duterte si Marcos.”



Abugado, pinaslang sa South Cotabato

Isang abugadong tagapagtanggol ng karapatang-tao at isang Pulang mandirigma na wala nang kakayahang lumaban ang pinaslang ng mga armadong ahente ng estado sa nakaraang linggo.

Binaril at pinatay ng dalawang armadong lalaki si Atty. Juan Macababbad, pangalawang tagapangulo ng Union of Peoples' Lawyers in Mindanao at kasapi ng National Union of Peoples' Lawyers, sa harap ng kanyang bahay sa Surallah, South Cotabato noong Setyembre 15.

Abugado si Atty. Macababbad ng mga lumad, guro, bilangong pulitikal at iba pang sektor sa rehiyon. Myembro din siya ng partidong Bayan Muna.

Sa Camarines Sur, tinortyur at

pinaslang noong Setyembre 12 ng mga pulis at sundalo si Dioscorro L. Roma (Ka JR), isang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) na wala nang kakayahang lumaban. Nadakip si Roma sa labas ng kampo ng BHB sa Tible, Lupi habang kumu-kuha ng suplay.

Ayon sa pamilya, halos hindi na makilala ang mga labi ni Roma dahil sa tindi ng tortyur na dinanas niya. Basag ang kanyang mukha, mga daliri at bayag at nangingitim sa pasa ang kanyang buong katawan.

Samantala, inaresto ng Philippine National Police-Labo ang dalawang upisyal ng Barangay Dumagmang, Labo, Camarines Norte noong Agosto 30. Pinaratagan sina Barangay Kagawad Angelita F. Talla at Julieta Clores Dela Cruz, 65, ng pagkakasangkot sa armadong aksyon ng BHB sa naturang barangay noong nakaraang Marso. Sinampahan sila ng kasong *direct assault at frustrated murder*.

Inaresto at inakusahang kasapi ng BHB ang magsasakang si Toto Moreno, residente ng Sityo Uyangan, Barangay Budlasan, Canlaon City, Negros Oriental, ng mga sundalo ng 62nd IB noong Setyembre 14. **AB**

Mga mandirigmang Moro, disgustado sa BARMM

Disgustado ang mga mandirigma ng Bangsamoro Islamic Armed Forces (BIAF), ang hukbo ng Moro Islamic Liberation Front (MILF), sa mga pangakong napako ng Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM). Marami sa kanila ang wala pang trabaho hanggang ngayon, sa kabila ng pagsasalang nila ng mga armas, alinsunod sa pagdekomisyon (pag-alis sa serbisyo sa hukbo) na nakasaad sa pinal na kasunduan sa pagitan ng MILF at Gubyerno ng Pilipinas.

Lumakas ang kanilang disgusto sa harap ng pagpapaliban ng eleksyon ng Bangsamoro Transition Authority (BTA) mula 2022 tungong 2025. Palalawigin nito ang termino ng kasalukuyang mga lider na ayon sa mga mandirigma ay solong nakikinabang sa BARMM. Anila, walang pakinabang ang BARMM sa "totoong" mga mandirigma na ilang dekadang nakipaglaban para sa karapatan sa pagpapasya-sa-sarili ng mga Moro.

Nitong Setyembre, nasa 12,000 na sa 40,000-lakas na BIAF ang nagsalong ng kanilang mga armas kapalit ng di pa napalilitaw na mga trabaho. Mayroon pang 14,000 na nakatakadang magsuko rin ng armas.

Disgustado rin ang di Moro na mga mamamayan sa pamamalakad ng BTA. Ayon sa Loyukan, isang organisasyon ng mga Lumad sa Far South Mindanao, walang ginagawa ang BTA sa serye ng pamamaslang sa mga Lumad na Teduray at Lambiangnan. Mula Hulyo 2018 hanggang Hulyo 2019, napakagtala ang grupo ng 11 lider-Lumad na pinaslang sa Maguindanao. Ngayong taon, 12 na ang napaslang na Lumad dulot ng mga sigalot sa lupa. Saklaw ng BARMM ang 127,000 di Moro na mamamayan na nakatira sa 208,258-ektaryang lupang ninuno sa Far South Mindanao.

Lahat ng mga upisyal ng BTA ay itinalaga ni Rodridgo Duterte at tumatanaw ng utang na loob sa kanya. **AB**

Panukala laban sa panggigipit sa mga unyon, inihapag

INIHAPAG NG BLOKENG Makabayan ang Union Independence Act of 2021 noong Setyembre 19 sa Kongreso para parusahan ang sinumang makikialam, haharang, manggigipit o mamimilit sa sinumang manggagawa o unyon. Reaksyon ito sa sunud-sunod na *red-tagging* sa mga unyon sa loob ng mga *export processing zone* at pamimilit sa mga manggagawa na kumalas sa Kilusang Mayo Uno.

Pasimuno sa *red-tagging* at walang awat na panghahas sa mga manggagawa at unyonista ang National Task Force to End Local Communist Armed Conflict at ang Joint Industrial Peace and Concerns Office o JIPCO na itinatayo nito sa loob ng mga sona ng paggawa.

Hiwalay pa rito ang mga pagtatangka ng Philippine National Police na makialam sa ilalim ng ipinanunukalang Alliance for Industrial Peace and Program Office kung saan bibigyan ng kapangyarihan ang mga pulis na makialam sa mga sigalot sa pagitan ng mga manggagawa at maneydsment ng mga kumpanya.

Ayon sa mga grupong manggagawa, magbubunsod ang JIPCO at AIPPO ng mas malawak at sistematikong pagsikil sa karapatan ng mga manggagawa sa pag-uunyon. Lalo nitong palalalain ang pagsasamantala at gipit na kalagayan ng mga manggagawa sa loob ng mga *export processing zone*.

ika-3

pinakamasahol na lugar para sa tagapagtanggol ng lupa at kalikasan ang Pilipinas.

kung saan 29 tagapagtanggol ng kalikasan ang pinaslang. Sa kabuuan, 227 tagapagtanggol ng kalikasan ang pinaslang sa buong mundo. Pinakamataas ang naitala sa Colombia (65) kasunod sa Mexico (30).

Pinagkunan: The Last Line of Defense, Global Witness



₱10/kilo

ang presyo ng palay sa Occidental Mindoro.

alinsunod sa dikta ng malalaking komersyate na nakikinabang sa importasyon ng bigas. Malayung-malayo ito sa presyo ng bigas na ₱35-44 sa lokal na pamilihan.

Pinagkunan: Amihan Federation of Peasant Women

30%

 ang inilaki ng yaman ng 50 pinakamayayamang kapitalista sa Pilipinas

sa gitna ng pandemya. Nagtala ang mga ito ng **P4-trilyong paglaki sa yaman** sa isang taon. Pinakamalaki ang paglobo ng halaga ng ika-18 pinakamayamang Pilipino na si Betty Ang ng Monde Nissin, nagmamanupaktura ng pagkain at inumin.

Pinagkunan: Forbes 2021 Philippines' 50 Richest List

37%

ang itinaas ng pambayad-utang ng rehimeng Duterte sa 2021 kumpara sa 2020. Sa kabuuan, tinatayang pumalo na sa ₱11.61 trilyon ang pambansang utang ng Pilipinas, mas mataas ng 26.7% sa ₱9.16 trilyon sa katapusan ng 2020.



\$4.4 trilyon

ang ginastos ng Pentagon

sa pagbili, pananaliksik at pagpapaunlad ng mga armas mula noong naganap ang 9/11 Attacks sa US noong 2001. Aabot sa **\$2.2 trilyon** sa pondong ito ay napunta sa limang pangunahing kumpanyang nagmamanupaktura ng armas sa US—**Lockheed Martin, Boeing, General Dynamics, Raytheon, at Northrop Grumman.**

8.692 MILYON



manggagawang Pilipino ang *underemployed* o kulang sa trabaho noong Hulyo —

mas marami ng mahigit 2 milyon kumpara noong Hunyo. Bagamat bumaba ang tantos ng disempleyo sa parehong panahon, sa aktwal ay **mas kaunti ang bilang ng may trabaho** (41.667 milyon sa Hulyo kumpara sa 45.075 milyon noong Hunyo) dulot ng paglaglag sa mahigit 2 milyon sa pwersa ng paggawa

Pinagkunan: Philippine Statistics Authority



500%

itinaas ng bilang ng abugadong biktima ng ekstrahudisyal na pagpaslang sa ilalim ng rehimeng Duterte

Hindi bababa sa 65 abugado na pinaslang sa Pilipinas mula 2016. Mula 1972, ang abereyds na bilang ng biktima ay 10 lamang kada administrasyon.

Pinagkunan: Integrated Bar of the Philippines

Setyembre 15, 1981

naganap ang **brutal na masaker ng diktadurang US-Marcos sa 47 magsasaka** sa Barangay Sag-od, Las Navas, Northern Samar. Bago sila paslangin, sapilitan silang "pinasuko" bilang mga "kasapi" ng hukbong bayan. Ginahasa ang mga kababaihan, at inulila ang maraming bata. Wala pang napapanagot sa mga salarin hanggang sa kasalukuyan.

Produksyon ng mais, binubulok sa kapabayaang

Ang mais ang ikalawang pinakamahalagang batayang produktong pang-agrikultura na pinoprodyus at kinokonsumo sa bansa kasunod ng bigas. Hindi lamang ito kinokonsumo ng tao, mahalagang sangkap ito sa paghahayupan bilang pakain at sa pagmamamupaktura ng iba pang pagkain. Sa kabila nito, sistematikong pinababayaan ng reaksyunaryong estado ang produksyon ng mais. Tumutumal ang lokal na produksyon at lumalaki ang pagsalalay sa importasyon. Malawakang pagkalugi ang dinaranas ng mga magsasaka dahil sa pambabarat. Imbes na alalayan, itinutulak pa ang todong pag-aangkat ng produkto.

Sa ilalim ng rehimeng Duterte, nananatiling mababa ang presyo ng pagbili ng mais mula sa mga magsasaka kahit pa taun-taong tumaas ang abereyds na presyo ng mais sa lokal na pamilihan. Mula 2016 hanggang 2020, tumaas nang 32% ang presyo ng kada kilong puting mais o mula ₱22.77 tungong ₱30.15. Ito ay habang bumagsak ang presyo sa pagbili nito sa mga magsasaka nang ₱0.27 mula ₱12.30 tungong ₱12.03. Tumaas din nang 13% ang presyo ng dilaw na mais mula ₱20.36 tungong ₱22.97, pero 2% lamang ang itinaas ng presyo sa pagbili nito sa mga magsasaka mula ₱11.78 tungong ₱12.


Ang puting mais ay kadalasang ginigiling at kinokonsumo bilang kahalili ng kanin, o di kaya'y pinoproceso tungong *cornstarch*, kornik, at binatangog. Ang dilaw na mais ay esensyal na sangkap sa paggawa ng pakain ng baboy, manok at isda, at ginagamit din sa paggawa ng kornik. Sa abereyds, ang kada Pilipino ay kumokonsumo ng 15 kilo ng puting mais kada taon. Mas mataas ang abereyds na konsumo kada taon ng mga residente sa mga rehiyon ng Zamboanga Peninsula (159 kilo), Northern Mindanao (45 kilo), Davao (41 kilo), at Central Visayas (37 kilo) kung saan nagsisilbi itong kanin sa araw-araw.

Tinatayang mahigit 500,000 magsasaka ang pangunahing nakaa-sa pagtatanim ng mais. Noong 2020, mahigit 8.1 milyong metriko tonelada (MT) ng mais sa kabuuan ang naprodyus sa bansa. Sa bolyum na ito, nasa 60% ang pinroseso bi-

lang pakain sa hayop. Aabot sa 2.5 milyong ektarya ang kabuuang saklaw ng mga taniman ng mais sa buong bansa. Pinakamalawak dito ang sa mga prubinsya ng Isabela (1.1 milyong MT) at Bukidnon (0.8 milyong MT). Maliitan at hiwa-hiwalay ang mga maisan. Ang abereyds na lawak ng mga ito ay 1.3 ektarya lamang.

Bagamat hiwa-hiwalay, ang produksyon ng dilaw na mais ay dominado at kontrolado ng apat na malalaking kumpanyang nagpoprodyus ng pakain sa hayop: ang B-MEG ng San Miguel Foods Incorporated ng kapitalistang si Ramon Ang, Univet Nutrition and Animal Healthcare Company ng pamilyang Campos, Pilmico Foods Corporation ng pamilyang Aboitiz, at Universal Robina Corporation ng pamilyang Gokongwei. Kadalasang nagtatayo ang mga kumpanyang ito ng mga planta sa mga erya kung saan nakakonsentra ang maraming maisan. Kabilang dito ang mga prubinsya ng Isabela, Bukidnon, at South Cotabato na nagpoprodyus ng 45% ng kabuuang bolyum ng dilaw na mais sa bansa. Ang mga kumpanyang ito ang nagtatakda ng presyo sa pagbili ng produkto ng mga magsasaka, at iba pang mga rekisito sa pagbili kagaya ng resiko. Pinakamalaki sa mga kumpanyang ito ang B-MEG na kumukontrol sa 25% ng kabuuang bentahan ng mga pakain sa hayop sa buong bansa.

Sa ilalim ni Duterte, bahagyang lumaki ang bolyum ng imported na mais, pangunahin mula sa mga bansang ASEAN at US. Mula 2016, tumaa mula 10% tungong 12% noong



2018 ang kabuuang bahagi ng imported na mais sa lokal na pamilihan. Pinakamalaki rito ay mula sa Indonesia (25%), Thailand (23%) at US (21%). Sa abereyds, tinatayang 580,000 MT na dilaw na mais ang iniimport ng bansa kada taon.

Lalong lalaki ang kontrol ng mga dayuhang korporasyon sa lokal na industriya ng mais kung pagbibigyan ang panukala ng American Chamber of Commerce of the Philippines at European Chamber of Commerce of the Philippines na Rice and Corn Industry Liberalization Act. Itinutulak ito sa Senado ng tagapangulo ng Senate Committee on Agriculture and Food na si Sen. Cynthia Villar. Layon ng panukalang batas na pahintulutan ang mga kumpanyang 100% pag-aari ng mga dayuhan sa mga kumpanyang nagpoproseso ng mais sa bansa. Maaalalang si Villar din ang awtor ng Rice Liberalization Law na nagresulta sa pagbaha ng imported na bigas sa lokal na pamilihan at malawakang pagkalugi ng mga magsasaka ng palay.

Nahaharap ngayon ang mga magsasaka ng mais sa malawakang pagkalugi dulot ng patuloy na pananalasa ng African Swine Fever. Ayon sa ulat ng Global Agricultural Information Network, inaasahan na babagsak nang 2.4% ang kabuuang produksyon ng mais sa bansa tungong 8 milyong MT dulot ng paglaganap ng bayrus, pangunahin sa Luzon, na nagresulta sa pagbaha ng konsumo at demand sa pakain sa mga baboy. AB

Kayod-kalabaw sa pagtanim ng mais

Isa ang 32-taong gulang na si Roger sa siyam na magkakapatid na mayroong maisan sa isla ng Negros. Pito sa kanila ang nakatira sa isang bahay at magkatuwang sa pagsasaka. Mayroon silang pagmamay-aring 12 ektaryang lupa at sangkapat nito ay nakalaan para sa mais na pangkonsumo ng kanilang pamilya. Mas malaking bahagi ng kanilang mga sakahan ay nakalaan sa mga pananim na ibinebenta para ipantustos sa iba pang mga pangangailangan. Hiwa-hiwalay na parsela ang kanilang mga sakahan sa isang liblib na komunidad na mararating lamang sa pamamagitan ng kabayo.

Kayod-kalabaw ang pagsasaka ng mais mula sa paghahanda ng lupa hanggang sa pagpoproseso ng mais. Anim na araw kada linggo ang inilalaan ng magkakapatid sa maisan. Dalawa't kalahating linggo ang iginugugol sa *hagbas* (paghawan sa sakahan), isa hanggang dalawang araw sa pag-aararo, isang araw sa pagpupunla, at isang linggo sa pagdadamo. Katumbas ito ng halos 30 araw sa kada siklo ng sakahan. Nagsisimula silang magtrabaho ng alas-7 sa umaga, at natatapos alas-4 sa hapon.

Tatlong beses kada taon ang kanilang pag-ani ng mais. Kadalasang dalawa hanggang tatlong gatang (1 gatang = 0.37 litro) ng mais ang kanilang napupunla kada ani-

han mula sa dalawang magkahiwalay na parsela ng lupa. Dahil lokal ang binhi, hindi nila kailangan ng abono, pestisidyo at herbisidyo. Kalabaw at araro lamang ang gamit nila sa produksyon.

Sa abereyds, 34 sako ng mais ang naaani ng magkakapatid kada taon. Manu-mano nila itong ginigiling gamit ang bato at nakapoprod-yus ng aabot sa 17 sako ng bigas-mais. Sapat lamang ito para sa kanilang konsumo. Hindi na nila ito ipinagigiling sa sentrong bayan na isang araw ang layo at gagastos ng ₱500 para sa transportasyon.

Umaabot sa tatlong sako at 15 gatang (33.75 kilo) ng bigas-mais ang kinokonsumo ng pamilya ni Roger kada buwan. Labas dito, aa-



bot sa ₱2,400 ang kinakailangan ng pamilya para ipantustos sa araw-araw, at kinukuha mula sa pagbebenta ng iba pang mga pananim. Dahil hindi sapat ang kita, tuyo lamang ang madalas nilang inuulam lalo na ngayong pandemya dahil bumagsak ang presyo ng kanilang mga produkto habang sumisirit ang presyo ng mga bilihan. Wala siyang natanggap na anumang ayuda sa panahong ito. Dagdag na pasakit sa kanila ang malawakang operasyong militar sa kanilang komunidad dahil ipinagbabawal ng mga sundalo ang pagtatrabaho sa bukid. AB

Anibersaryo ng Communist Party of India-Maoist, ipinagdiwang

IPINAGDIRIWANG NG COMMUNIST Party of India (CPI)-Maoist ang ika-17 anibersaryo nito ngayong Setyembre 21. Ginugunita ang anibersaryo sa isang linggong selebrasyon na nilalahukan ng rebolusyonaryong mamamayan ng India, mga mandirigma ng People's Liberation Guerrilla Army at ng masang magsasaka at manggagawa.

Sinaluduhan ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang mga kasamang Indian sa pagharap sa mga hamon at balakid para isulong ang digmang bayan sa India. Tulad sa Pilipinas, dumaranas ang mamamayan doon ng pang-aapi at pagsasamantala sa ilalim ng malakolonyal at malapyudal na sistemang panlipunan. Kapuri-puri ang pamumuno at pagsuporta ng CPI-Maoist sa mga pakikibakang masa ng mamamayang Indian, laluna sa masang magsasaka sa kanilang paglaban sa neoliberal na mga patakaran sa pagsasaka sa gitna ng rumaragasang pandemya.

Nakikiisa ang Partido sa panawagan ng CPI-Maoist na patatagin at palawakin pa ang mga dambuhalang pagtitipon ng mga magsasaka at biguin ang pagpapanatili ng naghaharing pangkating Hindutwa sa porma ng partidong BJP sa papalapit ng eleksyong Indian.

Pagpugay kay Abimael Guzman, lider komunista ng Peru

NAGPAHAYAG ANG PARTIDO Komunista ng Pilipinas ng pakikiramay sa lahat ng manggagawa, magsasaka at aping uri at sektor ng Peru sa pagkamatay ng rebolusyonaryong lider na si Manuel Rubén Abimael Guzmán Reynoso. Kilala siya bilang Presidente Gonzalo, tagapagtatag at lider ng Partido Komunista ng Peru (Sendero Luminoso o Daang Maliwanag), ang isa sa maniningning na tala ng armadong paglaban sa buong mundo noong dekada 1980 at 1990.

Mariing kinundena ng Partido ang guberno ng Peru sa "matagal na pagpapahirap sa pamamagitan ng pisikal at mental na tortyur" kay Gonzalo. Dumaan siya at iba pa niyang kasamang rebolusyonaryo sa paulit-ulit na iligal na paglilitis. Namatay si Gonzalo sa edad na 86 sa bilangguan sa Peru kung saan ikinulong siya sa nakaraang 29 taon.

Pagpatay gamit ang mga *drone* at pambobomba mula sa himpapawid

Isang madugong krimen ang iniwan ng militar ng US sa Afghanistan bago tuluyang lisanin ng mga armadong tropa ang bansa matapos ang 20 taong gera ng pagsakop dito. Noong Agosto 29, nagpakawala ang mga armadong *drone* ni-to ng mga 20-libras na Hellfire *missile* sa isang residensyal na lugar sa sentrong syudad ng Kabul na pumatay sa sampung sibilyan, kabilang ang pitong bata.

Sa harap ng hindi mapasusubaliang ebidensya, napilitang aminin ng US Central Command noong Setyembre 17 na ang pambobomba ay isang “kalunus-lunos na pagkakamali.” Ito ay matapos ang ilang linggong paggigiit na matagumpay nilang napatay ang isang teroristang kabilang diumano sa ISIS-K. Sangkot diumano ang taong ito sa *suicide bombing* sa paliparan ng Kabul noong Agosto 26 na pumatay sa ilampung tao kabilang ang 13 sundalong Amerikano.

Bago aminin ang pagkakamali, ipinaggiitan ng mga upisyal militar ng US na “98% sigurado” sila na matagumpay ang kanilang pambobomba at na wala na daw silang kailangang ipaliwanag o patunayan. Gamit ang *drone*, maghapon diumano nilang sinubaybayan ang kilos ng pinagsususpetsahan nilang terorista at nakita daw nilang bumisita ang biktima sa mga kilala nilang “hideout.” Iginigiit ng militar ng US na napigilan nila ang isa pang teroristang atake dahil ang lalaking tinarget nila ay nagkakarga noon ng mabibigat na bagay sa likuran ng kanyang kotse na pinaniniwalaan nilang mga eksplosibo.

Ang totoo, ang napatay ng mga bomba ng *drone* ng US ay si Zemari Ahmadi, empleyado ng Nutrition and Education International, isang pangkawangawang organisasyong Amerikano. Kadarating lamang ni Ahmadi mula sa maghapon pagtatrabaho ng paghahatid-sundo ng mga kawani sa kanilang upisina. Nang sumabog ang misayl ng US, nagdiskarga siya noon ng malalaking *container* ng maiinom na tubig para

sa kanyang pamilya. Kabilang ang kanyang mga anak sa napatay.

Umamin na lamang ang US matapos ibunyag sa isinagawang imbestigasyon ng mga mamamahayag sa Afghanistan katuwang ng kilalang pahayagang New York Times at Washington Post sa US. Tinukoy nila na si Ahmadi ay kabilang sa mga Afghan na nakipagtulungan noon sa pananakop ng US at nagbabalak sana na makapunta ng US matapos agawin ng Taliban ang poder noong nakaraang buwan.

Bago nito, ilang beses nang napilitan ang US na umaming nagkamali sila at mga sibilyan ang kanilang napatay. Kabilang dito ang pagbomba sa isang kasalan noong 2002, pagpatay sa mahigit 100 sibilyan sa prubinsya ng Farah noong 2006 at pagbomba ng isang ospital noong 2016 kung saan 42 duktor ang napaslang.

Ayon sa Bureau of Investigative Journalism, hindi bababa sa 16,900 na ang napatay at 3,900 ang nasugatan sa Afghanistan, Pakistan, Somalia at Yemen mula nang unang gumamit ang US ng mga *drone* noong 2001. Wala itong eksaktong datos sa kaswalidad sa paggamit ng US ng *drone* sa Iraq, Syria, Nigeria, Mali, Libya, Gaza at West Bank sa Palestine, sa rehiyon ng Kurd sa Turkey at sa Pilipinas.

Sa nagdaang 20 taon, nagtete-ngang kawali ang mga upisyal militar ng US sa sigaw ng libu-libong pamilya ng mga biktima ng kanilang



pambobomba mula sa himpapawid gamit ang mga *drone*. Makaisang panig na ipinagmamalaki ng US ang teknolohiya at bentahe nila sa paggamit ng *drone* sa larangan ng digmaan. Pilit nilang binabalewala at ibinabaon sa kanilang propaganda ang katotohanang ang paggamit ng mga *drone* ay labag sa mga batas ng digma at ginagamit sa kanilang panghihimasok sa iba't ibang sulok ng daigdig.

Ang mga *drone* ay mga sasakyang panghimpapawid na nagdadala ng malalakas na kamera, *thermal sensor* (nagmamatyag sa pamamagitan ng pagsukat sa pagkakaiba ng init ng mga bagay) at iba pang kagamitan para sa pagmamanman o pag-eespiya. May mga *drone* na nagdadala ng mga misayl o bomba.

Isang MQ-9 Reaper *drone* ang ginamit ng US sa pagbomba nito kay Ahmadi. May kapasidad itong lumipad nang 42 oras na may dalang 450 kilo ng pasabog. Kinokontrol ito mula sa mga kampo militar sa loob ng US at pwedeng paliparin sa iba't ibang panig ng mundo gamit ang komunikasyong dumadaan sa mga satelayt sa kalawakan. May mga “*drone command center*” ang US sa Las Vegas, Nevada at iba't ibang kampo militar sa loob ng US at 27 kampo nito sa iba't ibang panig ng mundo, kabilang ang apat sa Afghanistan at isa sa Pilipinas.

(Itutuloy sa susunod na isyu.) **AB**